**Sa taon na ito ng Ordinaryong Jubileyo,**

**Sana ay mapatawad natin ang isa't-isa at patuloy na sama-samang maglakbay**

**na may "pag-asa na hindi mabigo" galing as Diyos sa loob ng ating puso**

**na tiyak tayo ay nasa gitna ng isang mundo**

**kung saan ang mga pagbabanta sa kasalukuyan at hinaharap ng lahat ng buhay**

**ay hindi man lang natatapos**

Mga kapatid ko sa Diyosesis ng Saitama,

Manigong Bagong Taon! Sao taon 2025, ang Katolikong Simbahan sa buong mundo ay nagdaraos ng Ordinaryong Hubileyo. Ang simula ng Hubileyo ay nagsimula noon pa sa Taon ni Jobel, kung saan ang mga tao sa Israel sa panahon ng Lumang Tipan ay napalaya sa "pasan" ng pagdurusa bawat 50 taon. Sa bawat 50 taon sila ay nakatanggap ng biyaya ng "pag-asa" na mamuhay galing sa Panginoong Diyos. Upang matanggap ang Ordinaryong Hubileyo na dumadating bawat 25 na taon, tayo, ang mga tao sa Diyosesis ng Saitama, ay nagdiriwang ng pagbukas ng Misa sa simbahan ng Katedral ng obispo noong Disyembre 29 at sama-samang nanalangin doon. Sa buong Banal na Taon, tayo ay sama-samang maglakbay sa ating mga kapatid sa buong mundo. Tayo ay maliit na kawan ng mga tupa sa minamahal na lupain, ngunit tayo ay ipinagkatiwala ng Diyos ng isang mahalagang misyon na makibahagi sa pagpapatotoo sa Ebanghelyo, ang mga salita ng pag-asa na ipinahayag ni Hesus, sa mga tao sa ating palibot, at namumuhay kasama nila upang magdala ng pag-asa sa mundo kung saan ang pag-asa ay parang naglalaho sa ngayon.

Sa pagsaalang-alang kung paano mamuhay sa Banal na Taon, ang Bull, *Ang Pag-asa ay Hindi Nagbibigo,*na pinadala sa atin ni Papa Fransisko, ay isang malaking tulong. "Ang Pag-asa ay Hindi Nagbibigo" ay mga salita ng Apostol Pablo (Romans 5:5). Hinihikayat ko kayo na basahin ang buong teksto, at nais ko na palaguin ang ilang punto na sa isip ko ay mapahalagahan natin na tulungan tayo sa paggawa nito. Si Papa Fransisko ay nanawagan sa atin na unang kilalanin ang pagkakaroon ng mga nangangailangan ng pag-asa. Katabi lang natin ang mga taong nagdurusa sa sakit, silang mga pinuwersa na mamuhay ng may malaking kapansanan, mga kabataan na hindi makapag isip sa kasalukuyan, ang mga namuhay sa kahirapan kung saan ang pinakamababang pamantayan ng buhay ay mahirap,

mga taong naiwan sa nakakalungkot na pangyayari, sila na kailangang lisanin ang kanila lupang sinilangan at mamuhay sa di pangkaraniwang lupang dayuhan., at sila na nagsusumikap na bumangon muli matapos makaranas ng hindi inaasahang natural na mga sakuna. Maraming tao ang nagnanais ng “pag-asa” upang mamuhay. Nung tayo ay nakatanggap galing kay Hesus ng malumanay na tulong noong tayo ay nagdusa at nalungkot, kung dahandahanin natin ang ating paglalakbay at yumuko, makikilala natin si Hesus na nasa ganung mga tao. Walang makapagbigay sa akin ng matinding kasiyahan ngayong Banal na Taon kung ito ay nagbibigay ng inspirasyon sa inyo, mga pari, at layko na nagsama-sama sa inyong parolya, na himukin sa biyaya ng pagkilala at simulang makibahagi sa mga taong nangangailangan ng pag-asa. Sabay nating madiskubre ang pag-asa, ang regalo ng awa ng Diyos sa pamamagitan ni Hesus, at “sabay na maglakbay” na may “pag-asa ng kapayapaan” na siyang kailangan ng simbahan sa ngayon. Ang kamalayang ito ay ang iminungkahi ng Santo Papa na naghihikayat sa atin na panimula ng lahat. Nais ko na basahin ninyo ang Papal Bull of Indiction na kasama lahat at tumanggap ng gabay at pampatibay ng loob ng Banal na Espiritu Santo. Ang pagkakaroon ng Paglalakbay sa mga Pilgrim Churches kasama ang mga parokyano ay maaring napakagaling na opurtunidad sa paggawa nito. Nais ko rin hikayatin kayo na tanggapin ang mga  indulhensiya, na mga biyaya ng Banal na Taon at tanda ng walang katapusang awa.

Ipamahagi ko ang aking mga pagpapala para as Bagong Taon upang tayo ay sabay na maglalakbay. Pagpalain nawa ng Panginoon kayong lahat, iligtas layo, at masaganang bigyan ng mga biyaya na kinakailangan ninyo. Sa ngalan ng Ama, Anak at Espiritu Santo. Amen.

Enero 1, 2025

Solemnidad ni Birhen Maria, Ina ng Diyos

Mario YAMANOUCHI Michiaki

Obispo ng Diyosesis ng Saitama